THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 50* Disyembre 11-17, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# PAGKABUWAG NG APAT NA PRENTE NG TERORISTANG NPA, IDINEKLARA

*sundan sa pahina 3*




**PUBLIC ANNOUNCEMENT!!!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

***Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2***

**Minimal on- site capacity**

(applying work from-home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

***Activities and Establishment***

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Patay na CTG member, nirekober ng mga awtoridad sa Zamboanga Del Norte

*sundan sa pahina 10*

## Php68M shabu, kumpiskado sa San Pedro City, Laguna

*sundan sa pahina 11*



## PULISYAPEDIA

**Ano ang mangyayari sa ibinayad na piyansa pagkatapos ng kaso?**

Dahil ang piyansa ay kasiguruhan lamang na dadalo ang akusado sa itinakdang araw ng paglilitis, wala na itong gamit kung naging final na ang desisyon ng korte. Hindi saklaw ng bail ang kalayaan ng isang taong nasentensyahan ng pagkakakulong; kailangan na itong ipiit. Kaugnay nito, ibabalik ng bondsman sa akusado ang piyansang ibinayad nito, mapaguilty man ito o hindi.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

**E - SUMBONG**



*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN DIONARDO B CARLOS

# PNP, pinag-iingat ang publiko laban sa Spam Messages




**Nagbabala ang Philippine National Police (PNP) sa publiko laban sa mga dumadaming spam messages na nag-aalok umano ng trabaho na may malaking sahod gayundin ng mga Christmas perks at freebies na naglipana dahil na rin sa papalapit na kapaskuhan.**

Ang spamming ay isang paraan ng panloloko ng mga kawatan sa mga potensyal na target o bibiktimahin upang tumugon sa mga text message na ipapadala nang maramihan ng isang unknown sender.

Ang modus ay para akitin ang subscriber o biktima na mag-click sa "bait link" kung saan magre-redirect ito sa kanya sa isang messaging application at doon kokolektahin ang kanyang personal at sensitibong impormasyon.

"Most victims fall prey to these traps when being offered jobs such as processing online orders of a shopping app. Scammers pretend to be connected with well-established companies who shall process the job application," saad ni PNP Chief Dionardo Carlos.

Pinaalalahanan ng PNP ang publiko na mag-ingat sa mga ganitong modus ng panloloko at huwag pansinin ang mga mensahe mula sa hindi kilalang nagpadala. Makabubuting suriin muna ang background ng nasabing kumpanya na nag-aalok ng trabaho bago magbigay ng anumang personal na detalye.

Huwag magbigay ng mahahalagang impormasyon nang hindi bineberipika ang pagiging lehitimo ng transaksyon upang hindi maging biktima ng Identity Theft.

*Para sa karagdagang tulong at reklamo, maaaring bisitahin ang https://acg.gov.ph/eComplaint at Facebook page na @anticybercrimegroup o hotline number 09054146965.*

# Lady Patrollers nadeploy sa Zamboanga Peninsula




**Zamboanga City (December 11, 2021) - Pinangunahan ni Police Brigadier General Franco Simborio, Regional Director, Police Regional Office 9 (PRO9) ang send-off ceremony ng mga madedeploy na 95 lady patrollers sa iba't ibang bahagi ng rehiyon para magpatrolya at magsagawa ng community-oriented policing noong Disyembre 11, 2021 sa Camp Colonel Romeo Abendan, Mercedes, Zamboanga City.**

Ayon kay PBGen Simborio, ito ay bahagi ng Oplan Mujeres kung saan ang mga kababaihang pulis na nakatapos ng Rifle Marksmanship Training ay ilalagay sa iba't ibang area of responsibility (AOR) upang magsagawa ng police visibility at beat patrol.

Naglalayon itong mapalakas at mapaunlad ang kasanayan ng mga babaeng pulis at maalis ang diskriminasyon sa mga kababaihan.

"Ito ay upang ipakita ang mga kasanayan at lakas ng mga babaeng pulis na nagpapatunay na ang mga kababaihan ay pantay ang trato at ginagalang sa organisasyon. Sila ay maaari ding magsagawa ng mga gawain na ginagawa ng mga lalaki." saad ni PBGen Simborio.

Isang patunay na ang ating mga Lady Cops ay handang magserbisyo sa ating mga kababayan sa anumang panahon at pagkakataon.

# 6 Suspek at Chinese National, arestado sa kidnapping at robbery




**Pinuri ni PMGen Vicente Danao Jr ang mga operatiba ng Southern Police District (SPD), Police Station 4, Las Pinas City, sa ilalim ni PCol Rodel Pastor, Chief of Police, sa kanilang agarang pagresponde sa isang kidnapping, robbery at illegal possession of firearms and ammunition incident na nangyari noong Disyembre 14, 2021 bandang 11:30 PM sa kahabaan ng #501 Pilar Devt. Corp. Xin Chuang Bldg., Almanza Uno, Las Piñas City.**

Sa ulat na isinumite ni SPD District Director, PBGen Jimili L Macaraeg, dalawang (2) Chinese at isang (1) Filipino) ang mga biktima na kinilalang sina Huang Xiao Long; Liang Bo Da; at Krizia Estrillia y Tolosa ang dinukot ng mga armadong lalaki at kinaladkad sa loob ng Toyota Grandia na may Plate #NAR721.

Mabilis na rumesponde ang mga tauhan ng PS-4 sa pinangyarihan at matagumpay na nailigtas ang mga biktima na nagresulta sa agarang pagdakip sa mga dumukot na kinilalang sina Michael Vargas y Balognapo; Ellerie Javier y Rebollos; Elson Obligar y Alcantara; Ronald Desuasido y Legson; Marianette Salazar y Formentira; at Xing Juntao.

Narekober mula sa mga suspek ang isang (1) American Classic II Cal 45 na may Serial No A20-09510, 15 live ammos, isang (1) Armscor Cal 45 na may Serial No. 1445303, 2 magazine, 13 live ammunition, isang (1) Sam Shooters na may Serial No. TN09200637, dalawang (2) magazine, 12 live ammunitions, at isang (1) Shooters Commodore na may Serial No. SC12184727, dalawang (2) magazine, 20 live ammunitions.

Dinala sa Las Pinas City Police Station ang mga naarestong suspek at mga nakuhang ebidensya para sa kaukulang dokumentasyon habang inihahanda ang kaukulang kaso laban sa kanila.

Agarang pagtugon at aksyon ang ipinamalas na muli ng ating mga kapulisan sa pangyayaring ito. Patunay din ito na ang nag-ulat o testigo sa nasabing insidente ay patuloy na nagtitiwala at naniniwala sa Pambansang Pulisya.

# Pagkabuwag ng apat na Prente ng teroristang NPA, idineklara




**Tuluyan ng nawasak at humina ang hanay ng New People's Army ayon sa idinaos na National Joint Peace and Security and Coordinating Council (JPSCC) Meeting noong Disyembre 14, 2021 sa PNP Multi-Purpose Center, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.**

Pinangunahan ni Police General Dionardo B Carlos, Chief of the Philippine National Police; Lieutenant General Andres C Centino, Chief of Staff of the Armed Forces of the Philippines (AFP); at Commanding General Admiral Leopoldo V Laroya, Commandant, Philippine Coast Guard (PCG) ang naturang pagpupulong kung saan tinalakay ang paghahanda sa seguridad ng National and Local Elections 2022 at ang mga hakbang ng tatlong ahensya sa kampanya ng pamahalaan kontra insurhensya at terorismo.

Kasabay ng aktibidad, nilagdaan nina PGen Carlos at LtGen Centino ang JPSCC Resolution No. 15-2021 upang pormal na ideklara ang pagkabuwag ng apat (4) na Guerilla Fronts at paghina ng pitong (7) iba pa; at pagkabuwag ng isang (1) Vertical Unit ng New People's Army.

Kabilang sa mga grupong nabuwag ang Central Front Samar 1 (CFS1), Sub-Regional Committee (SRC) BROWSER, Eastern Visayas Regional Party Committee (EVRPC); Front Committee 6 (FC6), SRC BROWSER, Eastern Visayas Regional Party Committee (EVRPC); Front Committee (FC) South East (SE), Sub-Regional Committee (SRC) SESAME, Eastern Visayas Regional Party Committee (EVRPC); at Guerilla Front 55, Southern Mindanao Regional Committee (SMRC).

Sa patuloy na anti-terrorism operations ng PNP at AFP, tuluyan nang humina ang Central Front (CF), Komiteng Rehiyon-Panay; South West Front (SWF), Komiteng Rehiyon-Negros-Cebu-Bohol-Siquijor (KR-NCBS); Bohol Party Committee (BPC), Komiteng Rehiyon-Negros-Cebu-Bohol-Siquijor (KR-NCBS); Larangan 1 (L1), Komiteng Probinsya 5 (KP5), Bicol Regional Party Committee (BRPC); Larangang Gerilya-Abra Mountain Province-Ilocos Sur (KLG AMPIS), Ilocos-Cordillera Regional Committee (ICRC); Guerilla Front 89 (GF89), North Central Mindanao Regional Committee (NCMRC); at Guerilla Front Malayag, North Central Mindanao Regional (NCMRC).

Samantala, nabuwag na rin ang Vertical Unit ng NPA na Komiteng Sangay sa Platun (SPN) "PUSA", Komiteng Probinsya 2 (KP2), Bicol Regional Party Committee (BRPC).

Dahil dito, inaasahan na magiging mas mapayapa ang idaraos na eleksyon sa susunod na taon sapagkat hindi na kakayanin pa ng mga NPA na maka pagsagawa ng extortion at maningil ng mga tinatawag nilang "campaign fees" sa mga kandidato .

Ang JPSCC ay binuo upang mas mapaigting ang koordinasyon at pagtutulungan sa pagitan ng AFP, PNP at PCG. Layon nito na mapaghusay ang kooperasyon ng pulisya at militar para mas epektibong matugunan ang problema sa terorismo at iba pang peace and security concerns sa bansa.

# Mga pulis sa Pinabacdao, Samar, nakaligtas sa ambush




**Nakaligtas ang mga kapulisan ng Pinabacdao, Samar sa pag-atake ng mga hinihinalang Teroristang Komunista sa Brgy. Pelaon, Samar noong hapon ng Disyembre 11, 2021.**

Ang kapulisan ng Pinabacdao Municipal Police Station sa ilalim ng pamumuno ng kanilang Officer-in-Charge na si PLt Leslie P Montabon, ay patungo sana sa Brgy. Pelaon, Pinabacdao, Samar upang maghatid ng materyales bilang tulong sa gagawing proyekto na pabahay sa isang residente ng nasabing barangay, ngunit hindi pa man nakakarating ang tropa sa Brgy. Pelaon ay pinaulanan na ng bala ng mga miyembro ng komunistang grupo na NPA ang sasakyan ng kapulisan.

Sa kabila ng pag-atake ng teroristang komunista ay hindi sila nagtagumpay sa kanilang masamang plano.

Mariing kinokondena ng buong kapulisan ang ginawang pag-atake ng teroristang komunista.



# 47 Top drug suspects, nahuli ng PNP DEG at mahigit Php20M halaga ng iligal na droga, nasamsam

**Matagumpay ang ikinasang pitong (7) araw na sunod-sunod na Anti-Criminality Law Enforcement Operations (SACLEO) ng PNP Drug Enforcement Group (PNP DEG) na isinagawa noong Disyembre 6-12, 2021.**

Ang mga tauhan at operatiba ng PNP DEG sa pangunguna ng kanilang Director na si PBGen Remus B Medina ay nakapagsagawa ng tatlumpu't siyam (39) na Law Enforcement Operations na binubuo ng labing-anim (16) na buy-bust operations, dalawampung (20) serbisyo ng warrant of arrest, at tatlong (3) Marijuana Eradication na nagresulta sa pagkakaaresto sa apatnapu't pitong (47) suspek.

Ang nasabing operasyon ay humantong sa pagkakasamsam ng 1,064.06 gramo ng shabu, 15 gramo ng Marijuana Kush, isang (1) gramo ng Marijuana Dried Leaves, 60,000 piraso ng Marijuana Plants, 18,000 piraso ng Marijuana Seedlings, at dalawang (2) bote ng Marijuana Oil, na tinatayang may Standard Drug Price na Php20,378,228.

Ang matagumpay na operasyong ito ay nagpapatunay na pinatibay at pinaigting pa ng PNP DEG ang kanilang operasyon kontra iligal na droga ngayong nalalapit ang pasko at pagtatapos ng taon.

Mandato nitong magsagawa ng masinsinang operasyon kontra iligal na droga at pag-uusig sa mga kaso ng droga. Ngunit higit pa rito, ang PNP DEG ay nagbibigay din ng impormasyon para sa kamalayan ng publiko laban sa mga mapaminsalang epekto ng mga mapanganib na droga.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Sama-samang pagtugon sa banta ng kalamidad

Panibago na namang dagok sa ating mga kababayan ang pagtama ng bagyong Odette, lalo na ang mga derektang apektado nito. Hindi pa man nating tuluyang napagtatagumpayan ang banta ng pandemya, heto na naman ang panibagong suliranin na ating kinakaharap na nag iwan din ng matinding epekto sa ating lahat.

Maging ang ating mga kapulisan at kani-kanilang pamilya ay hindi rin nakaligtas sa hagupit ng bagyo. Nag-iwan ito ng matinding pinsala sa ari-arian ng bawat biktima, maging sa mga pasilidad at linya ng komunikasyon sa ating mga opisina sa Visayas, Mindanao, at MIMAROPA.

Ganun pa man, mabilis namang naibalik ang linya ng komunikasyon ng pulisya sa mga apektadong lugar. Mahalaga ang aspetong ito upang patuloy tayong makapaghatid ng serbisyo sa ating mga kababayan.

Ang mga karanasan natin noong tumama ang bagyong Yolanda sa bansa ay ilan sa mga naging aral at leksyon natin sa pagtugon sa kalamidad.

Mabilis naman ang naging pagtugon ng ating mga kapulisan upang tulungan ang ating mga kababayan. Bago pa man nag land fall ang bagyo ay naka-alerto na ang ating mga kasamahang pulis sa kani-kanilang lugar. Mabilis ang naging aksyon sa rescue operations at disaster relief operations. Kita natin ang sakripisyo ng ating mga kasamahang pulis na hindi alintana ang peligro na kanilang sinuong maisalba lamang ang buhay ng mga biktima.

Ang PNP ay nakapagsagawa ng 41 rescue and relief operations at nakapag-rescue ng 563 distressed persons. Nakapagbigay din ang ating kapulisan ng assistance and security sa 7,201 evacuation centers na binubuo ng 2,432 families na binubuo ng 100,353 individuals.

Sa gitna ng kalamidad, mas lalong tumitingkad ang bayanihan sa bawat isa. Ang ating mga kababayan ay handang tumugon at magpaabot ng kanilang tulong sa anumang pamamaraan.

Samu't saring relief operations ang isinasagawa ng ating mga kababayan sa mga lugar upang maipaabot ang tulong sa mga pamilyang apektado. Naka-agapay din ang ating mga non-government organizations, partner stakeholders and volunteers para makatugon sa kahit anumang pamamaraan.

Hindi na bago sa atin ang dumanas ng kalamidad, ngunit sa bawat pagtama nito sa ating bansa, kaakibat naman nito ang pagningning ng bayanihan at pagtaas ng pananalig sa Poong Maykapal na kayang-kaya natin itong malalampasan.

# EDITORYAL

## Karahasan sa gitna ng sakuna, mula sa mga teroristang komunista

Puspusan ang paghahanda ng lahat para sa pananalasa ng bagyong Odette. Bago pa man pumasok ang bagyo sa Philippine Area of Responsibility (PAR), ipinatupad na ang paglikas sa mga residente ng mga lugar na tatamaan ng bagyo lalo na sa Eastern Samar.

Nitong ika-17 ng Disyembre, magkatulong ang hanay ng pambansang pulisya at ang sandatahang lakas ng Pilipinas sa pagsasagawa ng preemptive evacuation bago pa man ang pananalasa ng bagyo. Ang mga operasyong ito ang tiyak na sana ay magliligtas sa ating mga kababayan mula sa bagyo ngunit iba palang kapahamakan ang naghihintay sa kanila dahil sa pataksil na pag-atake ng mga miyembro ng mga teroristang komunista.


Sa gitna ng puspusang paglikas sa ating mga kababayan sa Barangay Esperanza, Carmen, Surigao Del Sur, inatake ng mga teroristang komunista ang sasakyan na lulan ang mga sundalo, healthworker at mga sibilyan na nagresulta sa pagkakapatay sa tatlong sibilyan.

Sa kaparehong araw, dalawang miyembro ng Special Action Force at isang sibilyan naman ang sugatan bunsod ng pag-atake ng mga teroristang komunista habang binabaybay ang Samar ng mga kapulisan kasama ng mga miyembro ng lokal na pamahalaan ng Brgy. Del Rosario, Matuguinao upang sana ay maghatid ng mga pangunahing pangangailangan ng mga lugar na inaasahang tatamaan ng bagyo.

Habang abala at nagkakaisa ang lahat para sa paghahanda at pagtiyak sa kaligtasan ng bawat isa mula sa pananalasa ng isang bagyong pinaniniwalaang kasinglakas ng bagyong Yolanda, heto naman ang mga miyembro ng teroristang komunista na abala sa pagsasagawa ng mga pataksil na pag-atake upang siguruhing makaligtas man sa bagyo ang ating mga kababayan ay hindi sila makakaligtas sa kapahamakan dulot ng mas malakas na bagyo - ang bagyong dala nitong mga teroristang komunista.

Walang makakapantay sa pinsalang dulot ng mga teroristang komunista, pagsama-samahin man ang lahat ng bagyo na tumama sa ating bansa. Karimarimarim na isipin na kahit sa panahon ng sakuna at panahon ng kapaskuhan ay wala nang ibang ginawa ang mga teroristang ito kundi maghatid ng walang kapantay na pighati sa ating mga kababayan.

Kayong mga teroristang komunista ang pinakamalakas at pinakapaminsalang bagyo na hindi maalis alis sa Pilipinas. Ngunit sabi nga nila ang bagyo ay lumilipas, kaya humanda na kayo dahil malapit na ang tuluyang paglipas ninyo dahil sa nagkakaisang pwersa ng gobyerno at ng bawat mamamayang Pilipino.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Chief PGen Dionardo Carlos, nanguna sa "Pamaskong Handog 2021"

Nanguna si Philippine National Police Chief, PGen Dionardo Bernardo Carlos sa taunang "Pamaskong Handog 2021" (Gift-Giving for PNP Personnel Patients and Volunteer Health Workers) na ginanap sa PNP General Hospital, Health Service sa Camp BGen Rafael T. Crame, Quezon City.

Ang nasabing programa ay sa pakikipag-tulungan ng Public Safety Mutual Benefit Fund Incorporated (PSMBFI) na personal na dinaluhan naman ng kanilang President at Chief Executive Officer (CEO), Atty. Joel Napoleon M Coronel na kung saan ay pormal niyang sinamahan si PNP Chief, PGen Carlos sa pagbibigay ng konting regalo at ayuda para sa ating mga pulis na pasyente sa PNP General Hospital at maging sa ating mga PNP Volunteer Health Workers.

Sa Ceremonial Gift-Giving Ceremony ay nagpasalamat naman ang mga PNP Volunteer Health Workers na sina Mr. Charlenton Barterzal, Ms. Maria Nerissa Yanoc, Ms. Mary Cris Bejarin, at si Mr. Roniel Gepana dahil sa pagkilala sa kanilang mga kontribusyon at dahil sa tulong at ayuda na kanilang tinanggap mula sa Pambansang Pulisya. Malaking tulong ito para sa kanilang pamilya lalo na ngayong panahon ng pandemya.

Kasama din sa mga dumalo at nakiisa sa nasabing programa ay sina PLtGen Israel Ephraim Dickson, Deputy Chief PNP for Operations (TDCO); PBGen Antonino Cirujales, Director, Health Service; PBGen Harris Fama, Deputy Director, DPCR; PBGEN Jason Ortizo, Director, Chaplain Service; PMGen Celso Pestaño, Vice President for Operations, PSMBFI; Ms. Wenzer Sermonia, Manager, Marketing Department, PSMBFI; Mr. Victor Ragus, IMC Manager; Mr. Jacinto Mondares, Graphic Artist, PSMBFI; PCol Mark Manfred Anthony Solero, Deputy Director for Administration, Health Service; at si PCol Jezebel Medina, Deputy Director for Operations, Health Service.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*


Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Ikaw at ako ay may bahagi sa plano at layunin ng Diyos

Mapagpalang araw po sa inyong lahat! Purihin ang Panginoong Diyos sa Kaniyang patuloy na gabay at pag-iingat sa ating lahat. Nawa sa pagdiriwang natin ng araw ng Pasko ay maranasan natin ang tunay na diwa nito at maipadama natin ito sa ating kapwa.

Halina`t balik-tanawin natin ang kasaysayan ng unang Pasko sa Bagong Tipan na ating matutunghayan sa Mateo 1:18-25:

"Ganito ang naging kapanganakan ni Jesucristo. Ang kaniyang inang si Maria ay nakatakdang mapangasawa ni Jose. Ngunit bago pa sila nagsama, si Maria ay natagpuang nagdadalang-tao na sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Si Jose na kaniyang asawa ay lalaking matuwid at hindi niya ginusto na mapahiya sa madla si Maria, kaya nagpasiya siyang paalisin nang lihim si Maria. Samantalang iniisip niya ang mga bagay na ito, narito, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita sa kanya sa isang panaginip. Sinabi ng anghel: Jose, ikaw na nagmula sa angkan ni David, huwag kang mangambang tanggapin si Maria na iyong asawa. Ito ay dahil ang dinadala niya sa kaniyang sinapupunan ay sa Banal na Espiritu. Siya ay manganganak ng isang lalaki. Ang ipangalan mo sa kanya ay Jesus sapagkat ililigtas niya ang kaniyang mga tao sa kanilang kasalanan. Ang lahat ng ito ay naganap upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng mga propeta. Sinabi nila: narito, isang dalagang birhen ang magdadalang-tao at manganganak ng isang lalaki. Tatawagin nila siyang Emmanuel na ang ibig sabihin ay: Ang Diyos ay sumasaatin. Sa pagbangon ni Jose mula sa pagkakatulog, ginawa niya ang ayon sa ipinag-utos sa kanya ng anghel ng Panginoon. Tinanggap niya si Maria upang maging asawa. Hindi niya sinipingan ang kaniyang asawa hanggang sa maipanganak niya ang kaniyang panganay na anak na lalaki. Pinangalanan siya ni Jose na Jesus." Mateo 1:18-25 (SND)

Ayon sa talata si Jose ay nakatakdang pakasal kay Maria ngunit nalaman niya na ito ay nagdadalang-tao.

Ano ang gagawin mo kung malaman mo ang iyong kasintahan na nagdadalang-tao?

Pakakasalan mo pa rin ba siya?

Si Jose ay matuwid na tao, kaya nagpasya siyang hiwalayan ito ng lihim upang hindi siya mapahiya at maparusahan ayon sa kanilang batas.

Bago pa lang gawin ni Jose ang kanyang plano ay nagpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon upang ihatid sa kanya ang mensahe.

Nais mo bang maging bahagi ng plano ay layunin ng Panginoong Diyos para sa sangkatauhan?

Si Jose ay kinasangkapan ng Panginoong Diyos. Nangyari ang unang Pasko dahil:

1. Nalaman at naintindihan niya ang mensahe ng Diyos sa kanya. Ano ang mga mensahe?
a. Huwag kang matakot
b. Si Maria ay nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu
c. Ang sanggol na isisilang ay lalaki at tagapagligtas
d. Ang Kanyang pagsilang ay katuparan ng propesiya.

Ang pagkaalam sa mensahe ng Panginoon kay Jose ay nagbigay daan upang maunawaan niya na dapat niyang pakasalan si Maria. Dapat niyang gampanan ang tungkulin ang pagiging ama sa Panginoong Jesus. Ito ay isang natatanging pribeliheyo.

2. Lubos na nagpasakop sa kalooban ng Diyos.
a.Pagtitiwala sa mensahe ng Panginoon
b.Pagsasantabi ng sariling kagustuhan
c. Walang pag-alinlangan

3. Agarang pagsunod sa kalooban ng Diyos
a. Pagkagising sinunod agad ni Jose ang nais ng Panginoong Diyos
b. Pinakasalan si Maria


Dahil sa pagsunod ni Jose ng may pagsasakripisyo. Nangyari ang unang pasko. Maaaring ikaw ay may plano sa buhay. Maaaring magtagumpay tayo kung tayo ay may malalim na ugnayan sa Panginoong Diyos. Gabayan nawa tayo ng Panginoon na gawin ang ating plano ayon sa Kanyang kalooban.

Patuloy tayong manalangin upang malaman ang kalooban ng Diyos. Sa gayon ay makikita na ikaw, ako, tayong lahat ay may magagawa para sa ating bansa at mamamayan. Katulad ni Jose ang kanyang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay nakatala sa "Salita ng Buhay."

Maaaring ikaw ay may magagawa na magiging bahagi ng kasaysayan ng ating bansa.

Pagpalain tayong lahat ng Panginoong Diyos!

## Suspek sa kasong robbery with rape, arestado makalipas ang 25 taon




**Matagumpay ang ikinasang Manhunt Charlie Operation ng Maragusan Municipal Station dahil sa pagkakahuli ng isang (1) Most Wanted Person sa kasong Robbery with Rape sa Purok 14 Barangay 76-A Bucana Davao City noong Disyembre 10, 2021.**

Kinilala ang suspek na si Federico L Laugo, 58 taong gulang at naaresto siya sa bisa ng Warrant of Arrest na inihain ng Tracker Team ng naturang istasyon mula sa Branch 3, Regional Trial Court, Nabunturan, Davao de Oro na may Criminal Case no. 521 at 528.

Batay sa report, matagal nang nagtatago ang suspek matapos ang insidente taong 1996 ngunit dahil sa walang humpay na operasyon ng kapulisan ay nahuli na rin ang suspek para pagbayaran ang kanyang mga krimeng nagawa at makamit na ang hustisya para sa pamilya ng biktima.

## 'Top illegal drugs peddler' ng Pasig City, arestado

**Arestado ang isang kilalang high value drug suspect ng Metro Manila ng mga tauhan ng Eastern Police District noong Lunes, Disyembre 13, 2021 sa Pinagbutahan, Pasig City.**


**Kinilala ang suspek na si Ambrocio De La Cruz, 54 taong gulang at panglima (5) sa drug watchlist ng NCRPO.**

**Narekober sa kanya ang 15.8 gramo ng shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php107,440.**

**Sa kasalukuyan, ang suspek ay nasa kustodiya ng Pasig City Police Station at nasa loob ng Detention Facility para sa kasong isinampa sa kanya hinggil sa Drug Trafficking.**

**Pinupuri ni NCRPO Chief, PMGen Vicente D Danao Jr ang pagsisikap ng Eastern Police District na maaresto at masakote ang isa sa mga high value drug suspect ng Metro Manila.**

**Pinagtitibay nito ang patuloy na pagsisikap ng ating mga kapulisan na masugpo ang mga taong nasa likod sa paglaganap ng iligal na droga.**



TEAM PNP *Service *Honor *Justice

PULIS SERBIS BALITA

# Marikina Boat Patrol, inilunsad ng EPD, NCRPO

**Inilunsad ng Eastern Police District ang Marikina Boat Patrol kasama sina Mayor Marcelino R Teodoro ng Marikina at iba pang stakeholders, hapon ng Disyembre 16, 2021 sa Roman Garden, Barangay Jesus Delapeña, Marikina City.**

Kilala ang Marikina City sa mataas na kalidad ng sapatos at kilala rin itong isa sa mga pangunahing lugar na madaling bahain sa Metro Manila. Sa katunayan, ito ay kabilang sa mga pinaka-apektadong lungsod nang tumama ang bagyong Ondoy noong 2009. Kaya naman, ang search and rescue operations ay kabilang sa mga pangunahing alalahanin ng NCRPO lalo na sa mga flood prone areas ng Metro Manila. Sa loob ng maraming taon, ang Metro cops ay nakikipagtulungan sa mga ahensya at yunit na nagre-render ng mga rescue operation sa panahon ng bagyo, lindol at iba pang sakuna.

Ang paglulunsad ng Marikina boat patrol ay naging posible sa pamamagitan ng magkasanib na pagsisikap ng NCRPO, LGU at mga stakeholder na tumulong sa pagbili ng mga kinakailangang kagamitan. Wika ni PMGen Danao Jr, "We could't have done this without you kasi alam naman natin na hindi kaya ng ating mga pulis na makakabili ng mga ganitong equipment kung wala ang tulong ninyo. Kung kaya't ipinapangako namin na amin po itong aalagaan at gagamitin sa patuloy na pagbibigay ng Serbisyong TAMA: TApat, may tapang at MAlasakit sa mamamayan ng Marikina."

Patunay ito na patuloy na ginagampanan ng ating kapulisan ang pangakong "To Serve and Protect", hindi lamang sa paghuli ng mga kriminal, nagsisilbi at pumoprotekta din sa ating mamamayan sa oras ng sakuna.









# Livelihood training, sagot sa insurhensiya sa lalawigan ng Isabela








**Pormal na binuksan ang Livelihood Training on Food Processing sa pangunguna ng Ilagan City Police Station (CPS) para sa 20 na residente ng Barangay Sindun Maride, City of Ilagan Isabela noong Disyembre 13, 2021.**

Sasailalamin sa apat (4) na araw na Training ang mga benepisyaryong residente sa Technical Education and Skills Development Authority- Isabela School of Arts and Trade (TESDA-ISAT) sa naturang Bayan.

Ang inisyatibong ito ng istasyon ay bahagi ng Barangay Defense Block.

Layon ng programa na makapagbigay ng kabuhayan sa mga liblib na lugar na upang maiwasan ang insurhensiya.

Naging katuwang ng Ilagan CPS ang mga tauhan ng 201st Mobile Company, Regional Mobile Force Batallion 2; 142nd Special Action Company, 14th Special Action Batallion, PNP-Special Action Force; lokal na pamahalaan ng Lungsod ng Ilagan; mga opisyales ng barangay; Ilagan Ministers Association sa pangunguna ni Pastor Victor Serquiña at Movement for Restoration of Peace and Order.

Samantala, binuksan din ang 3-day Livelihood Training on Bread and Pastry Making sa Sitio Lagis, Brgy. Sindun Bayabo sa kaparehong Bayan.

"Sa pamamagitan ng mga Livelihood Trainings na ating isinasagawa sa Bayan ng Ilagan, ay matutulungan natin ang ating mga kababayan at maiiwas natin sila sa mga panlilinlang ng mga makakaliwang grupo sa ating lugar", ani Pltcol Benjamin D Balais, Hepe.

Ang programa ay pagpapakita nang patuloy na pagpapaigting ng ugnayan ng Philippine National Police at TESDA upang magbigay kaalaman at kabuhayan para sa mga mamamayan



# "Victoria warriors" ng Northern Samar PNP binigyan ng 'Special Promotion'



**Nanguna si National Police Commission (NAPOLCOM) Chairman at Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Eduardo M Año kasama si PNP Chief, PGen Dionardo B Carlos sa pagbibigay ng "Special Promotion" para sa mga magigiting na miyembro ng Victoria Municipal Police Station, Northern Samar Police Provincial Office kasabay ng Flag Raising Ceremony sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City nitong umaga ng Disyembre 13, 2021.**

Kabilang sa mga miyembro ng Victoria Municipal Police Station na binigyan ng Special Promotion ay sina PCpt Eladio G Alo, PEMS Marlon M Ordonia, PEMS Aimee Lutze D Cadiente, PCMS Arturo S Gordo Jr., PSMS Arnold P Cabacang, PMSg Raul C Francisco Jr., at si PMSg Ramil C Ramosa.

Ito ay matapos kurpirmahin ng NAPOLCOM ang kanilang promosyon dahil sa pagtatanggol ng mga ito sa kanilang himpilan matapos na lusubin ng mga rebeldeng NPA, bagaman kokonti ang mga ito pero hindi sila sumuko bagkus sila ay lumaban hanggang sa mapuksa ang mga ito.

Pinagkalooban din ng Medalya ng Kadakilaan si PNP Chief, PGen Dionardo Carlos na noon ay bilang Regional Director ng Police Regional 8, at si PCol Reynaldo B Dela Cruz bilang Provincial Director ng Northern Samar Police Provincial Office.

Sa kanyang naging mensahe ay pinapurihan naman ni Sec. Año ang mga nasabing pulis dahil sa kanilang ipinakitang katapangan laban sa mga rebeldeng NPA. Nawa'y magsilbing inspirasyon anya ng ating mga pulis ang kabayanihang ipinakita ng ating mga pulis sa nasabing police station.

Bukod sa Special Promotion ay binigyan din ng noche buena grocery package at cash prize ang mga nasabing pulis.








# Pulis kung umaksyon, mabilis






**Sa isang Facebook post ng isang concerned citizen, may isang munting tahanan na halos mabuwal na, tagpi-tagpi ang dingding at lumang luma na ang bubong. Ang munting bahay na ito ay pag-aari ng pamilya ni Tatay Freddie ng Barangay Colab-og, bayan ng Victoria, Northern Samar.**


Magkahalong lungkot at pagkabahala ang naramdaman ng Provincial Director ng Northern Samar Provincial Police Office (NSPPO) na si PCol Arnel J Apud nang kanyang nalaman ang kalagayan ng pamilya ni Tatay Freddie, kaya naman ay agaran niyang ipinag-utos na ipagawa ang bahay ng nasabing pamilya sa kanyang mga tauhan.


Sa pagtutulungan ng NSPPO, Victoria at San Isidro Municipal Police Station, ang pagsasagawa at pagsasaayos sa tahanan ni Tatay Freddie at nang kanyang limang (5) anak ay nasimulan noong Disyembre 12, 2021.


Nais ni PCol Apud na matapos ang munti, komportable at ligtas na bahay ng mag-aama bago pa man humagupit ang pinaghahandaang bagyo na si Odette.


Patunay ito na ang ating mga kapulisan ay hindi kailanman magpapahuli na umaksyon at magbigay ng serbisyo publiko sa ating mga kababayan.






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Isang Pulis, Isang Ama!

Ang mga alagad ng batas ay tagapangalaga nang kaayusan at kapayapaan ng lipunan, tagapagtanggol ng mamamayan laban sa mga manliligalig, protektor ng mahihina at mga walang lakas sa lipunan. Ang inyong pulisya ang tumutugis sa mga kriminal at mga terorista na naghahasik nang takot at pangamba sa mamamayan. Ang bawat kasapi ng inyong Pambansang Pulisya ay nakalaang mag-alay ng sarili upang tuparin ang kanilang sinumpaang tungkulin. Bilang isang ama, tayo ang haligi ng tahanan at gumagabay sa ating mga anak. Hangad natin ang kanilang magandang kinabukasan. Sinisikap natin na ibigay sa ating mga anak ang isang ligtas na pamayanan, malaya sa kriminalidad at terorismo.

Bilang ama, sinisikap natin na makapiling ang ating pamilya lalo na sa mahalagang araw ng kanilang kaarawan. Ang pamilya ay itinuturing na pinakamahalagang sangay ng komunidad, ng lipunan. Subalit sa mga kriminal at manliligalig, ito ang kanilang pangunahing target na dapat wasakin.

Kaya napakalungkot isipin kung ang isang ama ay lumisan sa mundo sa mismong araw ng kaarawan ng kanyang minamahal na anak.

December 18, 2019, magpapasko na noon kung kaya masayang-masaya si PSSg Emmanuel Lamigo, 39 anyos, Desk Officer ng Marihatag Police Station, Surigao Del Sur. Bukod sa magpapasko na ay kaarawan din ng kanyang anak kaya mula sa istasyon ng pulisya ay masigla siyang umuwi upang makadalo sa pagdiriwang. Mahal na mahal niya ang kanyang pamilya at sila ang inspirasyon niya sa kanyang propesyon. Nang marating niya bandang 6:30 ng gabi ang harapan ng kanilang bahay sa Barangay Poblacion, agad siyang bumaba sa kanyang motorsiklo. Ngunit sa halip na yakap ng anak ang sumalubong sa kanya ay sunud-sunod na putok ng baril ang umalingawngaw sa paligid. Nabigla man sa pangyayari, nakabunot pa rin ng kanyang baril si PSSg Lamigo upang lumaban subalit tinamaan siya ng punglo sa noo. Lumatag sa lupa ang katawan ng pulis na tinamaan ng mga bala ng cal 45. Umagos ang dugo ng pulis sa harapan mismo ng kaniyang tahanan, kasabay din nito ang pagpatak ng luha ng kanyang pamilya at anak na nagdiriwang ng kaarawan.

Kaagad namang tumakas ang dalawang salarin papunta sa Baybay area sakay ng motorsiklo.

Nagdiwang ang mga kriminal at manliligalig sa matagumpay nilang pagpaslang sa isang pulis, sa isang ama, sa isang kasapi ng komunidad na naghahangad na mamuhay nang payapa at may katiwasayan. Sa kanilang pagbubunyi at pagtangan sa baluktot nilang prinsipyo, ninakawan nila nang ama ang dalawang anak ni PSSg Lamigo, winasak nila ang magandang pangarap ng isang pamilya.

Sa ating mga kapatid na pulis na nasugatan at nag-alay ng buhay dahil sa pagtatanggol para sa ating kapayapaan at Demokrasya, saludo po kami sa inyong katatagan at dedikasyon sa tungkulin!

## Rape suspect sa Nueva Vizcaya, huli matapos magtago ng 9-taon

**Siyam (9) na taon matapos magtago sa batas, naaresto na ng mga operatiba ng Police Regional Office (PRO) 2 ang tinaguriang Top 1 Most Wanted Person ng Diadi, Nueva Vizcaya ngayong araw, Disyembre 13, 2021 sa Lagawe, Ifugao.**

Kinilala ang suspek na si Rudy Alano, 64 anyos, isang magsasaka at residente ng Barangay Hukbong, Lagawe, Ifugao.


Nagsagawa ng manhunt operation ang Diadi Police Station tracker team sa pangunguna ni PMaj Roderick Rabago, kasama ang PIU Ifugao PPO, PIU NVPPO, 1st NVPMFC at RIU2 PIT-N.Vizcaya kung saan natunton ang pinagtataguan ng suspek.

Si Alano ay may nakabinbing Alias Warrant of Arrest na may petsang July 22, 2013 at inisyu ni Presiding Judege Cicero Jandoc ng Regional Trial Court, Second Judicial Region, Bayombong, Nueva Vizcaya.

Nahaharap sa kasong panggagahasa ang suspek na kasalukuyang nasa kustodiya ng Diadi Police Station habang hinihintay pa ang commitment order mula sa Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) ng Bayombong, Nueva Vizcaya.

Samantala, pinapurihan ni PRO2 Regional Director PBGen Steve B. Ludan ang matagumpay na manhunt operation ng mga operatiba.

# 5 Suspek sa Carnapping at Robbery, arestado sa Taytay, Rizal




**Matagumpay ang isinagawang follow-up operation ng Intel Operatives ng Pateros Municipal Police Station na sina PSSg Mark Anthony Ocfemia, PSSG Mykel Josef Rodriguez, PSSg Jimmy Algaser at PCpl Jefferson Bilaw sa Lupang Arienda, Taytay, Rizal noong Disyembre 9, 2021 na nagresulta sa pagkakaaresto ng limang (5) suspek sa carnapping at robbery at pagkabawi ng ninakaw na motorsiklo at ang mga personal na ari-arian ng mga biktima na nagkakahalaga ng humigit-kumulang Php200,000.**

Nakilala ang mga suspek na sina Harold Castro y Isanan "Aka Badong", 18 taong gulang, construction worker, residente ng Alley 5, Sta Ana, Pateros; Ivan Vicente y Recoco (CICL) "Akka Agie", 17 taong gulang, walang trabaho, naninirahan sa Alley 5, Sta Ana, Pateros; Kc Ashley Paloma y Serrato (CICL) "Aka Ashley", 15 years old, walang trabaho, naninirahan sa #9 Salop, Sta Ana, Pateros; Justine Arcilla y Aniceto (CICL), 16 taong gulang, Grade School Student, naninirahan sa Alley 5, Sta Ana Pateros; at Edward Padilla y Tolentino Aka Buknoy, legal na edad, naninirahan sa Capt. Musni, Sta Ana, Pateros.

Ayon sa mga biktima, bandang alas 4:00 ng umaga ng Disyembre 9, 2021, ipinarada nila ang kanilang motorsiklo na Yamaha Mio Sporty, kulay pula na may plate number na NE532 sa loob ng tindahan na matatagpuan sa Block 5, Lot 7, Masikap, Complex Brgy Sta Ana Pateros. Kinaumagahan, nagulat sila nang madiskubre na nawawala na ang kanilang nakaparadang motorsiklo at ang kanilang mga personal na gamit sa loob ng kanilang tindahan.

Ang mga naarestong suspek ay sinampahan ng kasong paglabag sa RA 10883 (New Anti-Carnapping Act of 2016-Motorcycle) at Robbery matapos maipaliwanag sa kanila ng DSWD ng Pateros ang kanilang mga kinakailangan para sa pagpuno ng kaso sa Child In-Conflict with the Law (CICL) bago pa ang Inquest Proceedings sa Rizal Prosecutor's Office.

Ang mabilis na pag-aksyon ng ating kapulisan ay nagpapakita ng kanilang dedikasyon sa kanilang sinumpaang tungkulin bilang isang magiting na Pulis.


# Top 1 Most Wanted Person sa Metro Manila, arestado

**Suspek sa pagpatay na nangunguna sa listahan ng mga Most Wanted na kriminal sa District Seven ng Metro Manila ay naaresto ng mga operatiba ng Manila Police District (MPD) at ang National Capital Region Police Office, Martes ng gabi, Disyembre 14, 2021 sa Sampaloc, Manila.**

Kinilala ni PBGen Leo "Paco" Francisco, Director, MPD, ang akusado na si Augusto Raul Flores y Vinas, aka "Ogie" dating US Navy, walang trabaho, may asawa, residente ng 844 Antipolo Street, Barangay 521 Zone 52, Sampaloc, Manila.


Batay sa report nina PMaj Cicero Pura, pinuno ng District Special Operation Unit ng MPD, PMaj Edward Samonte, P/Major Emmark ng Special Mayor's Reaction Team (SMaRT) at Dave Apostol ng Regional Investigation Unit, NCRPO, nadakip si Flores sa kanto ng Espana Boulevard at Kundiman Street, Sampaloc, bandang 10:30 ng gabi.

Nakita ang suspek sa nabanggit na lugar mula sa isang tip ng impormante. Sa bisa ng Warrant of arrest na inisyu ni Hon. Emily Reyes Aliño-Geluz, Presiding Judge ng Regional Trial Court, Branch 255, Las Pinas City ay maayos na naaresto ang suspek at hindi na ito nanlaban pa. Nabatid na si Flores ay nagtago nang higit sa anim na taon.




Patunay ito na kailanman ay hindi pumapayag ang ating mga kapulisan na makatakas ang mga taong lumalabag sa batas at hindi mabigyan ng hustisya ang mga nabiktima nito.

# Chinese national, arestado sa iligal na parcel




**Alinsunod sa Intensified Anti-Illegal Drugs Campaign ng NCRPO sa pamumuno ni PMGen Vicente Danao Jr, isang (1) Chinese National sa Taguig ang inaresto ng mga elemento ng Taguig Police Substation 1, matapos makatanggap ng package na naglalaman ng iligal na droga mula sa isang app-based courier noong Lunes, Disyembre 13.**

Nakilala ang suspek na si Xingchao Li, 29 taong gulang, lalaki, Chinese national, naninirahan sa McKinley, Taguig City.

Ayon sa ulat na isinumite kay PBGen Jamili Macaraeg, District Director ng Southern Police District, bandang 2:59 ng hapon ng Lunes, Disyembre 13, kinuha ng Lalamove rider ang parcel sa Baclaran area, bilang protocol nang matanggap ang parcel mula sa nagpadala (Xiaofei), kukuhaan siya ng litrato kasama ang parcel ngunit tumanggi ito, sa halip ay binigyan siya ng Php100. Nang dumating ang rider sa lugar ng McKinley West, hindi matagpuan ang receiver sa ibinigay na lokasyon. Sa pagkakataong iyon, naghinala na ang rider sa parcel at sinuri ito.

# Matataas na kalibre ng baril at bala, nasamsam sa Amulung, Cagayan; suspek arestado



**Arestado ang isang negosyante matapos ihain ng mga operatiba ang isang Search Warrant sa Barangay Centro, Amulung, Cagayan noong Disyembre 13, 2021.**

Kinilala ang suspek na si alyas "Richard", 31 taong gulang, walang asawa, at residente ng nabanggit na lugar.

Batay sa inisyal na imbestigasyon, sinalakay ng Provincial Intelligence Unit, Cagayan PPO kasama ang 1st Cagayan Provincial Mobile Force Company at Amulung Police Station ang tinutuluyan ng suspek sa bisa ng Search Warrant na inisyu Executive Judge Jezarene Aquino ng Regional Trial Court, Branch 5 noong December 10, 2021 para sa kasong paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

Narekober ng pulisya ang isang (1) Destroyer VM14 Shotgun; isang (1) Glock caliber 40 isang (1) cal. 9mm; isang (1) caliber 357 RHINO 40 DS; isang (1) cal. 380; isang (1) cal 9mm CZ75 B OMEGA; isang (1) cal 40 Pietro Beretta; isang (1) cal 45 Glock 21; isang (1) cal 9mm TANFOGLIO; iba't ibang uri ng magazine at mga bala.

Si alyas "Richard" ay kasalukuyang nasa pangangalaga ng Amulung Police Station habang ang mga nakumpiskang kontrabando ay dinala sa Provincial Intelligence Unit, Cagayan PPO para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

# "Bolt Cutter Gang" leader, arestado sa Pototan, Iloilo

**Arestado ang lider ng "Bolt Cutter Gang" na isang Robbery Group sa isinagawang buy-bust operation ng pinagsanib na pwersa ng CIDG Regional Field Unit 6 kasama ang mga tauhan ng Pototan Municipal Police Station, Provincial Intelligence Branch ng Iloilo Police Provincial Office at ng 602nd Company ng Regional Mobile Force Battalion 6 noong ika-8 ng Disyembre, 2021 sa Brgy. Purog, Pototan, Iloilo matapos makumpiska ang mga iligal na baril, pampasabog at iligal na droga.**

Kinilala ng team leader ng CIDG Iloilo City Field Unit ang suspek na si Josua Larroza y Peronce alyas "Josua" ng Brgy. Lopez Jaena, Pototan, Iloilo.

Naaresto ang suspek matapos magbenta ng mga hindi lisensyadong baril sa mga nagpanggap na buyer na mga operatiba ng CIDG at narekober sa kanya ang isang (1) unit na Caliber .38 Revolver Smith Wesson na walang serial number at may limang (5) bala.

Nakuha rin mula sa suspect ang tatlong (3) pirasong heat-sealed plastic sachet na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang Methamphetamine hydrochloride o "shabu", isang (1) pirasong fragmentation hand grenade, isang (1) pirasong kahon para sa fragmentation hand grenade, isang (1) pirasong 500 peso bill bilang buy-bust money na may serial number na CK694226; Anim (6) na pirasong bill boodle o fake money na tig Five Hundred Pesos (P500.00); isang (1) pirasong lighter color orange; isang (1) unit ng cellphone ViVo touch screen color maroon; isang (1) unit Raider 150 motorcycle color matt red at susi nito kasama ang O.R. nito at isang (1) pirasong itim na sling bag.

Kaagad namang isinagawa ang imbentaryo ng mga nakumpiskang gamit matapos ang pagkakaaresto ng nasabing suspek sa presensya ng Brgy. Kapitan ng Lopez Jaena na si Richard Lagat na nagsilbing witness.

Mga kasong kriminal para sa paglabag sa RA 10591 at 9516 (Illegal Possession of Firearms and Explosives), paglabag sa Section 11 at Section 12, Article II ng RA 9165 (Comprehensive Dangerous Drugs Act) ang kahaharapin ng suspect kabilang na ang Violation of Art 151 of the RPC o Resistance and Disobedience to a Person in Authority ang isasampa laban sa nasabing suspek na pansamantalang nakakulong sa CIDG Iloilo City Field Unit at ang mga nakumpiskang hinihinalang shabu ay isinumite sa PNP Crime Laboratory Service para sa qualitative at quantitative examination.

Patuloy ang pagtugis ng CIDG 6 sa pakikipagtulungan ng Police Regional Office 6 sa mga kriminal o masasamang loob sa nasabing rehiyon upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan ng nasasakupan.



# Top 4 Most Wanted Person ng Libungan, North Cotabato, arestado sa Pampanga

**Haharap sa patong-patong na kaso ang isang (1) pulis na nakabangga at nakapatay sa dalawang (2) katao, at apat (4) pang sugatang biktima sa probinsya ng Bohol noong Linggo ng gabi ng Disyembre 12, 2021.**

Kinilala ang suspek na si Patrolman Ruben Ayuban y Digawan, 31 taong gulang, may asawa, kasalukuyang nakatalaga sa RMFB7, Catagbacan Norte, Loon, Bohol.

Batay sa resulta ng inisyal na imbestigasyon ng Traffic Section ng Tagbilaran City Police Station, walang habas na minamaneho ng suspek ang kanyang sasakyan na Hyundai Eon na may plate number na AAZ 7153. Nasagasaan nito ang dalawang biktima na agad nasawi. Kinilalang sina Lisa Jimenez y Orias at Aileen Apatan y Felisilda sa CPG North Avenue, malapit sa Caltex Station, na kapwa residente ng Sitio Licong, Brgy. Virgen, Anda, Bohol.

Sa kasamaang palad, nakabangga din ang suspek ng isa pang motorsiklo kung saan nakilala ang mga biktima na pawang sugatan na sina Ella Jean Ongyot Gamban, 23 anyos, binata, residente ng Brgy. Lourdes, Cortes, Bohol at Edwin Lopena Alcoran, 25 anyos, binata, residente ng Brgy. Tinago, Dauis, Bohol.

Pinaharurot ulit ng suspek ang kanyang sasakyan hanggang sa mabangga naman nito ang isa pang tricycle sa CPG North Avenue, malapit sa Unitop General Merchandise na minamaneho ni Aristedez Taghap y Pregurta (tricycle with body #0546), 52 years old, may asawa, residente ng Brgy. Cogon, Tagbilaran City at sakay ang pasaherong si Anthony Gabriel Monterola Villafuerte, 17 taong gulang, at residente ng Peñaflor St., Booy, Tagbilaran City.

Ang mga sugatang biktima ay dinala ng Tarsier 117 sa Governor Celestino Gallares Memorial Hospital para sa agarang pagpapagamot.

Nirespondehan ng SWAT Team ng Tagbilaran City Police Station ang insidente at matagumpay na naaresto ang suspek na ngayon ay nasa custodial facility ng Tagbilaran City Police Station.

Ayon kay PLtCol Mary Crystal B Peralta, Chief of Police ng Tagbilaran City Police Station, inihahanda na nila ngayon ang mga kasong isasampa laban sa suspek para sa Reckless Imprudence Resulting in Double Homicide, Multiple Physical Injuries at Damage to Properties.

Nagpaabot naman ng kanyang taos-pusong pakikiramay ang Provincial Director ng Bohol PPO na si PCol Osmundo Salibo para sa mga biktima, at tiniyak na mabibigyan sila ng hustisya. Inatasan niya si PLtCol Peralta na tulungan ang lahat ng mga biktima sa pagsasampa ng kaukulang kaso sa lalong madaling panahon laban sa suspek, at tiniyak sa publiko na haharapin ni Pat Ayuban ang mga kahihinatnan ng kanyang mga aksyon kapwa sa mga kasong kriminal at administratibo.



# Chinese national, arestado...

*mula sa pahina 8*

Natuklasan niya ang isang (1) heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu at agad na humingi ng tulong sa mga kapulisan na nagresulta sa pagkaaresto sa tatanggap ng parcel.

Ang Taguig Drug Enforcement Unit ay nagsagawa ng entrapment operation para sa posibleng pagdakip sa nagpadala ng parcel ngunit ito ay hindi naging matagumpay.

Ang suspek na si Li ay itinurn-over sa SDEU para sa imbestigasyon at tamang disposisyon habang ang mga nakumpiskang ebidensya ay itinurn-over sa SPD Forensic Unit.

# Patay na CTG member, nirekober ng mga awtoridad sa Zamboanga Del Norte



**Matagumpay na narekober ng Joint Retrieval Team na binuo ng 97th Infantry "KALASAGLAHI" Battalion (IB) troopers, Sergio Osmeña Sr. Municipal Police Station at Barangay Local Government Unit (BLGU) ng Macalibre, Sergio Osmeña Sr., ang inabandunang bangkay ng isang babaeng miyembro ng Communist Terrorist Group sa Purok 4, Barangay Macalibre, Sergio Osmeña Sr., Zamboanga del Norte noong Disyembre 4, 2021.**

Disyembre 1 hanggang ika-3, nagkaroon ng sunud-sunod na sagupaan sa pagitan ng pinagsamang elemento ng 97IB at 42IB laban sa Guerilla Front Big Beautiful Country (GF BBC) ng Western Mindanao Regional Party Committee (WMRPC) ng CTG sa kabundukan ng Polanco at Sindangan, Zamboanga del Norte.

Ayon kay Brig. Gen. Leonel Nicolas, Commander ng 102IB, ang napatay na NPA ay si Daisy Jane Cimafranca alyas Raquel/ Miggy, miyembro ng GF BBC ng WMRPC ay nasugatan sa isa sa mga engkwentro, at sa halip na mabigyan ng agarang atensyong medikal ay iniwan pa ng kaniyang mga kasamahan.

Sa retrieval operation ay nakipag-ugnayan ang 97IB at Sergio Osmeña MPS sa Barangay Council ng Macalibre. Ang BLGU ng Macalibre sa pangunguna ng kanilang Barangay Captain na si Honorable Nestor B. Quirog ay agad na tumungo sa lokasyon ng bangkay.

"Dito sa aming barangay, ayaw namin sa mga teroristang grupo, kaya ang mga tao rito ay kaagad na nagbibigay ng impormasyon sa mga sundalo at pulis kung mayroon kaming nakikitang kaduda-dudang grupo sa aming lugar. Hanggat kaya namin, tutulong kami sa kasundaluhan at kapulisan para maiwasan ang gulo na dala ng mga teroristang grupo", saad ni Quirog

Dinala ang bangkay ni Daisy Jane sa Sergio Osmeña Sr. Rural Health Unit (RHU) kung saan ang mga imbestigador mula sa Scene of the Crime Operative (SOCO) at RHU personnel sa pangunguna ni Dr. Mike Justine Gianan ay nagsagawa ng post mortem services.

Sa tulong ng End Local Communist Armed Conflict (ELCAC) ng Municipal Local Government Unit ng Macalibre, ay sasagutin ang gastos sa pagturn-over ng katawan sa pamilya hanggang pagbibigay ng disenteng pagpapalibing kay Daisy Jane na ipinagkait sa kanya ng teroristang grupo.

# Granada, nasamsam sa lungsod ng Tuguegarao



**Naghain ng Search Warrant ang mga operatiba ng Tuguegarao City Police Station sa pangangasiwa ng hepe na si Police Lieutenant Colonel Jhonalyn Q. Tecbobolan sa Canaya Street, Gosi Sur, Tuguegarao City, Cagayan noong Disyembre 10, 2021 na nagresulta sa pagkadakip ng suspek na si alyas "Dindo", 52 anyos, may asawa at residente ng nabanggit na lugar.**

Nasamsam sa suspek ang isang (1) hand grenade.

Ayon sa inisyal na ulat, ang nasabing Search Warrant ay inisyu ni Executive Judge Jezarene C. Aquino ng Regional Trial Court Branch 5 Tuguegarao City, Cagayan noong December 9, 2021 para sa kasong paglabag sa Republic Act 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

Sa kasalukuyan, nasa pangangalaga ng Tuguegarao City PS ang suspek para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

# 3 teroristang NPA sumuko sa Nueva Ecija




**Nueva Ecija, December 13, 2021 - Sa kagustuhang mamuhay ng payapa at tahimik, nagbalik-loob ang tatlong (3) miyembro ng Teroristang Grupo sa Nueva Ecija noong Disyembre 13, 2021.**

Ayon kay PCol. Rhoderick B Campo, Acting Provincial Director, patuloy ang pagsagawa ng mga tauhan ng 1st PMFC, 22SAC 2nd SAB SAF, PIU, 2nd PMFC, Gabaldon Police Station, Palayan City Police Station, Gapan City Police Station, RID3, 703rd Brigade, Alpha Company, 91st IB PA and 71st MICO 7th MIB 7ID ng mga Special Intelligence Operation kaya naman bilang resulta ay sumuko ang dalawang (2) miyembro ng KLG Sierra Madre na sina "Ka Boy" at "Ka Kuba" na parehong residente ng Barangay Vega, Bongabon, Nueva Ecija.

Samantala, sumuko din ang isa (1) pang rebelde na miyembro ng Teroristang Grupo sa ilalim ng Josefhino Corpuz command nung 2003 na kinilalang si "Ka Victor", residente ng Barangay Kita-kita, San Jose City. Pinangunahan ng mga tauhan ng 2nd PMFC, 1st PMFC, San Jose City PS, Carranglan PS, Nampicuan PS, Licab PS, Quezon PS, PIU, RIU3, RID3, 303rd MC RMFB3 at 84th IB 7th ID PA ang pagsuko ng nasabing rebelde.

Ang mga sumuko ay kasalukuyang nasa pangangalaga ng 1st at 2nd PMFC ng Nueva Ecija Police Provincial Office.

# 3 PNP SAF at sibilyan, sugatan sa pamamaril ng teroristang NPA sa Samar



**Noong ika-15 ng Disyembre nang maganap ang di inaasahang pangyayari sa mga miyembro ng Special Action Force na noo'y magsasagawa sana ng Retooled Community Support Program (RCSP) at ng Peace and Security operations sa Barangay Del Rosario sa Matuguinao, Samar nang pataksil itong inatake ng mga kumunistang teroristang grupo na ginamitan pa ng Anti-Personnel mine o landmine at naging sanhi ng pagkasugat ng tatlong (3) SAF Troopers at isang (1) inosenteng sibilyan.**

Ang Matuguinao ay isa sa itinuturing na pinakamahirap na bayan sa probinsya ng Samar, kaya't gaano man ito kalayo ay pilit na ipinapaabot ng gobyerno ang mga serbisyo at tulong sa mga residente ng nasasakupan sa pamamagitan ng ating kapulisan na ilang oras na nilalakbay marating lamang ang nasabing lugar.

Ang naganap na pag-atake ng rebeldeng grupo ay nagpapakita lamang na kailanman ay ayaw nilang magkaroon ng kapayapaan at taliwas ito sa sinasabi nilang sila ang tunay na tagapagtanggol ng mga mahihirap.

Maaaring mga kamag-anakan, kapatid o magulang lang din ng mga miyembro ng rebeldeng grupong ito ang makikinabang pero ang ginawa nila ay pigilan ang ating kapulisan upang makapaghatid ng tulong sa nasabing bayan.

Kaya't isang malaking kasinungalingan ang kanilang sinasabi na sila ang tagapagtanggol ng mahihirap dahil sila mismo ang humahadlang sa mga tulong o suportang nais ipaabot ng ating gobyerno.

# Php68M shabu, kumpiskado sa San Pedro City, Laguna



**Kumpiskado ang Php68 milyong halaga ng pinaghihinalaang shabu sa isinagawang buy-bust operation ng pinagsamang pwersa ng mga tauhan ng PNP Drug Enforcement Group - Special Operations Unit (PDEG-SOU) NCR (Lead Unit) SOU4A, (RDEU / RSOG) 4A, Drug Enforcement Unit (PDEU) at San Pedro City DEU ng Laguna Police Provincial Office at Unit ng Intelligence ng Rehiyon (RIU) 4A sa San Pedro City, Laguna noong Disyembre 17, 2021.**

Ayon sa ulat kay PBGen Eliseo DC Cruz, Regional Director, PRO 4A, kinilala ang mga suspek na sina Ace Arciaga, 35 taong gulang, walang asawa, residente ng Landayan, San Pedro, Laguna; Shamewayne Darvin, 19 taong gulang, walang asawa, residente ng Bayan, Muntinlupa City; Benz Gonzales, 21 taong gulang at residente ng Bayan, Muntinlupa City; at isang menor de edad.

Nakuha mula sa mga suspek ang mahigit-kumulang 10 kilo ng pinaghihinalaang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php68,000,000, dalawang (2) piraso ng Php 1000 bill at 11 bugkus na pera.

Ang mga naaresto at ang mga ebidensya ay nasa pangangalaga ng SOU NCR, PNP DEG para sa kaukulang dokumentasyon at disposisyon.

# Php11.1M Marijuana, napuksa; 2 Drug personality, arestado

**Umabot sa kabuuang Php11,100,00 halaga ng mga halaman ng marijuana ang napuksa at dalawang (2) drug personalities ang naaresto ng mga kapulisan ng Cordillera sa magkahiwalay na operasyon ng anti-illegal drugs na isinagawa mula Disyembre 10 hanggang 12, 2021.**

Dalawang (2) marijuana plantation sites ang nadiskubre ng mga operatiba sa Brgy. Poblacion, Kibungan, Benguet na may kabuuang 500 piraso ng fully grown na halaman ng marijuana na nagkakahalaga ng Php100,000.

Samantala, limang (5) plantation sites naman ang natuklasan at pinuksa ng mga operatiba sa Baranga Loccong, Tinglayan, na may kabuuang 38,500 piraso ng fully grown marijuana plants at 18,000 piraso ng marijuana seedlings na nagkakahalaga din ng Php8,600,000 at dalawang (2) plantation sites naman ang natuklasan sa Barangay Butbut Proper, Tinglayan, na may kabuuang 12,000 piraso ng fully grown marijuana plants na nagkakahalaga din ng Php2,400,000.

Binunot at sinunog ng mga operatiba ang lahat ng natagpuang halaman ng marijuana habang nagpapatuloy ang imbestigasyon upang matukoy ang mga posibleng



magsasaka.

Bukod dito, arestado sa isinagawang buy-bust operations ang dalawang (2) drug personalities sa Benguet at Baguio City.

Arestado ang suspek na kinilalang si Warren Dangpa Madanes, 45 taong gulang, sa isinagawang buy-bust operation sa Barangay Guinaoang, Mankayan, Benguet, matapos nitong ibenta sa isang operatiba na umaktong poseur-buyer ang isang (1) plastic sachet ng hinihinalang shabu na may tinatayang bigat na 1.20 gramo at halagang Php8,160. Sa kanyang pagkaaresto, nakumpiska sa kanya ang isa (1) pang plastic sachet ng hinihinalang shabu na tinatayang may timbang na 0.58 gramo at halaga na Php3,944.

Isa pang naaresto na suspek ay kinilalang si Ryan Taguiba Tictica, 32 taon gulang, sa isa pang hiwalay na buy-bust operation na isinagawa sa Lourdes Subdivision Extension, Baguio City, matapos nitong magbenta ng isang (1) plastic sachet ng hinihinalang shabu na tinatayang may timbang na 0.3 gramo at halaga na Php 2,040.00 sa isang operatiba.

Ang mga naarestong suspek at ang mga nakumpiskang ebidensya ay dinala sa kustodiya ng kani-kanilang unit na may hawak ng dokumentasyon at tamang disposisyon upang masampahan ng kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

# 4 Notorious drug pushers, timbog sa buy-bust ng PNP Bicol; Php1.87M shabu, nasamsam



**Hindi na nakapalag sa mga otoridad ang umano'y apat (4) na miyembro ng isang sindikato ng droga na nagmula sa Manila matapos ang isinagawang buy-bust operation ng Kapulisan sa Barangay Kinale, Polangui, Albay nitong Disyembre 14, 2021, Martes ng madaling araw.**

Dalawang (2) babae at dalawang (2) lalaki ang mga suspek na nakunan ng humigit-kumulang 275 gramo ng hinihinalang shabu na may Market Value na Php1.87 million.

Nakilala ang mga suspek na sina Celmel John Lapiz y Guico, 27 anyos, walang asawa, residente ng Brgy. Batong Malaki, Los Baños, Laguna; Charmaine Erlandez y Padilla, 33 anyos, walang asawa, residente ng Brgy. Timungan, Los Baños, Laguna; Ronald Mendoza y Rayos, 50 anyos, may asawa, residente ng Brgy. Alangilan, Batangas City; at Rosemarie Diana Adap y Reyes, 37 anyos, may asawa, residente ng Brgy. Santa Clara, Batangas City.

Nabisto ang apat (4) sa pagbebenta matapos pagbilhan ang poseur-buyer ng isang (1) plastic na pakete na naglalaman ng 50 gramo ng hinihinalang shabu sa halagang Php100,000.

Napag-alaman na ang mga suspek umano ay miyembro ng sindikato ng droga sa Manila na umano'y sila ang nagsusupply ng droga sa CALABARZON at sa rehiyong Bicol.

Nahaharap sa kasong paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang mga suspek.

Matapos ang pagmamarka at dokumentasyon ng mga ebidensya, ang mga suspek ay agad na dinala sa himpilan ng Polangui MPS para sa kaukulang booking procedure bago sila tuluyang ipiit sa kulungan.

"Mahigpit ang pagmamatyag ng ating mga Kapulisan sa ating paligid at mas pinalakas rin natin ang ating ugnayan sa PDEA para sa mas epektibong pagtukoy sa pagkakakilanlan ng mga indibidwal na nagsusuplay ng droga papasok ng rehiyong Bicol." pahayag ni PBGen Jonnel C Estomo, Regional Director, PRO5.

# Php3.4M shabu, nasamsam sa buy-bust sa Parañaque City

**Matagumpay na nailunsad ang buy-bust operation ng PNP at PDEA sa San Antonio Avenue, Parañaque City noong Disyembre 12, 2021 na nagresulta sa pagkakaaresto ng isang (1) suspek at pagkakasamsam ng mahigit Php3.4 milyong halaga ng hinihinalang shabu.**

Kinilala ang suspek na si Jimmy Kasim y Abdullah, nasa hustong gulang at residente ng Quiapo, Manila.

Si Abdullah ay naaresto bandang 11:00 ng umaga sa isang paradahan ng fast-food chain na matatagpuan sa San Antonio Avenue, Parañaque City, sa pinagsanib puwersa ng PDEA PRO IV-A, tauhan ng RSET, sa pamumuno ni Cristopher Basilio, kasama ang SPD DID, mga operatiba mula sa DEU, Parañaque City Police sa pangunguna ni PMaj Brent Ian Salazar at mga tauhan ng BF Homes Sub-Station 5, sa pangunguna ni PMaj Tedy Cusipag, sa ilalim ng pangangasiwa ni PCol Maximo F Sebastian Jr, Chief of Police.

Narekober mula sa suspek ang humigit-kumulang 500 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng Php3,450,000.

Sa ngayon, nasa kustodiya ng PDEA ang suspek para sa dokumentasyon at pagsasampa ng kaso sa paglabag sa Section 5, Art. II ng RA 9165 o The Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Muling pinatunayan ng matagumpay na operasyong ito ang pagtutulungan at pagkakaisa ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas kontra iligal na droga.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 50 * Disyembre 11-17, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Stakeholders, patuloy ang suporta sa mga programa ng kapulisan





**Bumisita sa Agta Community sa Barangay Abucay, Penablanca Cagayan ang Cagayano Cops at Zonta Club International noong Disyembre 15.**

Nagsagawa ang grupo ng Outreach Program at nagbigay ng mga lauruan, biskwit at tsinelas sa mga bata at cash gift naman sa mga nagpakita ng talento.

Naging benepisyaryo ang 100 residente ng nasabing barangay.

Bilang pagpapakita ng pasasalamat, hinarana ng Agta Community ang mga panauhin.

Kasabay ng aktibidad ay ang pagbasbas sa reading corner ng Day Care Center.

"Ang mga programa natin ay nagiging matagumpay dahil na rin sa tulong at suporta ng ating mga stakeholders," ani PCol Renell R Sabaldica, ang Provincial Director ng Cagayan Police Provincial Office (CPPO).

Naging katuwang ng CPPO ang Officers' Ladies Club sa pangunguna ni Mrs. Leah Sabaldica, Adviser at Mrs. Lizette Ludan, Adviser OLC-PRO2; Zonta Club International na pinangunahan ni Mrs. Imelda Nieves; My Brother's Keeper Life Coaches; lokal na pamahalaan ng Peñablanca; at mga opisyales ng barangay.

# Revitalized Pulis sa Barangay sa Davao City, namahagi ng crutches sa mga PWD







**Upang mapagaan ang pagkilos ng ilan sa mga Persons with Disability (PWD) ng Tugbok District, Davao City, ang mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) na nakatalaga dito ay namahagi ng mga underarm crutches o saklay sa kanilang mga napiling benepisyaryo noong Disyembre 9, 2021.**

Kasama ang Barangay Health Workers (BHW), Barangay Kagawad at mga tauhan ng R-PSB Tugbok sa pamumuno ni PLt Kyerra Leen Torreon ay kanilang pinuntahan ang tatlong (3) PWDs na naging benepisyaryo ng mga nasabing saklay.

Una na rito si Ginoong Rolando Abadies, 59 taong-gulang na residente ng Purok Rambutan, Brgy. Talandang, Tugbok District na nawalan ng kakayahang makapaglakad ng maayos sa mahabang panahon dahil sa gout arthritis.

Gayundin din si Ginoong Aguinaldo Comanda, 69 taong gulang, residente naman ng Purok Mangga, Brgy. Talandang, na limang taon nang nahihirapang maglakad sanhi ng pagkamild-stroke nito.

Habang si Ginoong Julito Osic, 49 taong gulang, residente ng Purok Pomelo, Brgy. Talandang ay dalawang taon na ring hirap maglakad dahil sa pagka-stroke na naging sanhi ng pagkaparalisa ng kanyang kaliwang paa.

Sa tulong at inisyatibong ito ng R-PSB Tugbok, ay nabawasan ang hirap ng mga PWDs. Ito ay ipinagpasalamat naman nang lubos nina Ginoong Rolando, Ginoong Aguinaldo, Ginoong Julito at ng kani-kanilang pamilya.

# Oplan Bisita Eskwela, pinaigting ng Sorsogon PNP



**Sorsogon (December 15, 2021) - Upang mas lalong mapagtibay ang mga kaalaman ng ating mga kabataan, ang Kapulisan ng Sorsogon ay nagsagawa ng panayam ukol sa crime prevention sa N. Roque Elementary School nitong Disyembre 15, 2021.**

Ang Sorsogon 2nd Police Mobile Force Company sa pamumuno ni PLtCol Edmundo A Cerillo Jr, kasama ang FJGAD/WCPD personnel ng Bulan MPS ay nagsagawa ng panayam sa mga mag-aaral na may edad 9 na taong gulang hanggang 12 taong gulang tungkol sa Crime Prevention na may paksang "Special Protection of Children against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act" o Republic Act 7610 na nagsusulong sa mga karapatan ng mga kabataan laban sa pang-aabuso, pananamantala at diskriminasyon sa pamamagitan ng maikling video clip.

Upang mas lalong maintindihan at madagdagan ang kanilang kaalaman para sa kanilang mga karapatan, namahagi rin ang mga nasabing kapulisan ng pamphlets patungkol RA 7610, Online Sexual Exploitation of Children (OSEC), Safety Tips against Sexual Violence, "Aki na may K" Program of PNP.

Masayang umuwi ang mga kabataan, lalo na ang mga aktibong nakilahok sa panayam maliban sa kaalaman na kanilang natanggap habang bitbit ang mga hygiene kits at schools supplies na binigay ng mga kapulisan.